Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Apat na Pong Taon



Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.



Nang linigtas ng Panginoon ang mga Israelites na makalabas sa Ehepto, si Moises ay namuno sa mga tao na magsimba. Gumawa siya ng isang kanta na pampuri. "Ako ay kakanta sa Panginoon sapagkat siya nagtagumpay ." Kinanta ni Moises ang lahat ng mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon para sa Israel.



Pagkatapos ng tatlong araw sa ilang ang mga tao ay nauhaw at nakaki-ta sila ng butas sa lupa na may tubig. Ngunit hindi sila makainum dahil ang tubig ay mapait ang lasa. Sa halip na magdasal, ang mga tao ay nagreklamo.
Talagang mabait ang Panginoon. Ginawa niya ang mapait na tubig na mabuting inumin.

Parang ang mga tao ay reklamo ng reklamo sa lahat ng bagay. "Mag pagkain tayo sa Ehepto. Dito sa ilang tayo ay mamamatay ng gutum," sila ay umiyak. Sa gabing iyun ang Panginoon ay nagpadala ng mga ibon na mga buntog. Madaling hulihin ang mga ibong ito upang sila ang makain ng karne.

Ng kinaumagahan nagpadala ang Panginoon ng Manna. Ito ay uri ng tinapay na ang lasa ay parang dugos.

Tuwing umaga ang mana ay nasa lupa uapang pupulotin na lamang. Sa paraang ito pinakain ng Panginoon ang kanyang mga taohan sa ilang.

Sila ay dapat magtiwala sa Diyos araw araw ng bagong kakainin. Ngunit ang iba sa kanila ay nagipon ng maraming mana para sa sunod na araw, kahit sinabi ng Diyos namasisira sa sunod na araw.



Tutoo nga, ang kahapon pang manna ay maraming uod B maliban kung Sabado. Ang especial na araw na pangpito ang mga tao ay dapat magpahinga at kumain ng mannang napulot kahapon.



Ang Panginoon ay nagaalaga sa mga Israelites sa ilang. Binigyan sila ng pagkain at tubig B at ipagsanggalang sila ng kanilang mga kalaban.

Nang ang Amelekites ay lumusog, at umataki, ang Israel ay palaging nanalo sa digmaan kung hawakan nakataas ang baston ng Panginoon.

Sinabi ng Panginoon sa mga Israelites, “kung kayo ay sumunod ng aking tinig kayo ay mga taong mahal ko, espesyal pati.” “Ang lahat ng sasabihin ng Diyos, ay gawin natin,” ang sabi ng mga tao kay Moises. Pumunta sila sa tabi ng bundok ng Sinai at naghintay habang si Moises pumaroon makipagtag po sa Panginoon.

Si Moises ay nasa bundok na kasama ng Diyos ng apat na pong araw. Sinulat ng Diyos ang Sampong Utos sa dalawang panid ng bato. Sinabi ng Diyos kay Moises kung papano na gusto niya ang mga tao ay mabuhay.

1. “Huwag kang magkakaroonng ibang mga Diyos sa harap ko.”
2. “Huwag kang gagawa ng larawang inanyuan.”
3. “Huwag babanggitin ang pangalan ko sa walang kabuluhan.”
4. “Alalahanin mo ang araw ng Sabado upang ipangilin.”
5. “Igalang mo ang iyong ama at iyong ina.”

6. “Huwag kang papatay.”
7. “Huwag kang mangangalunya.”
8. “Huwag kang magnanakaw.”
9. “Huwag kang magbibintang sa iyong kapwa.”
10. “Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa.”



Habang si Moises ay kasama ng Panginoon sa Bundok ng Sinai, ang mga Israelites ay gumawa ng isang bagay na masama. Inutusan nila si Aron na gumawa ng gintong baka na maliit. B at ito'y kanilang sinamba sa halip na sambahin nila ang Diyos. Nagalit ang Panginoon. Ganon din si Moises.

Nang nakita ni Moises ang guya, ang sayawan sa harap ng imahin, tinapon niya ang mga bato na nakasulat ng sampong utos ng Diyos sa lupa at nabasag. Galit na galit siya na winasak niya ng gitong idolo. Pinatay niya ang mga masamang tao na sumamba nito.

Pinalitan ng Panginoon ang mga basag na tabletang bato. Sinabi niya kay Moises na gumawa siya ng Tabernakolo - isang malaking tulda na may pader o pensa sa paligid - Saan ang Panginoon ay makatira sa gitna ng kanyang mga taohan.
Sila ay magsamba sa Diyos doon. Ang ulap at apoy ay agpakita na ang Panginoon ay kasama nila.



Habang sila ay lumalapit sa Kanaan,Si Moises ay nagpadala ng labing dalawang espiya upang makita and lupain na pinangako ng Panginoon sa kanyang mga taohan. Ang mga espiya ay nagkaisa ng kurokuro na lupain ay mainam.



Ngunit dalawa lamang, sina Josue at Kaleb ang naniniwala na sila ay magtagumpay na malupig nila ang lupain sa tulong ng Panginoon.

Ang ibang sampong espiya ay natakot sa mga malalaking siyudad at mga higante na nasa lupaing ipinangako. "Hindi natin makuha ang lupain," nagreclamo at tumaghoy sila.

Nakalimotan nila ang mga bagay na ginawa ng Diyos upang makaiwas sa pagkaalipin sa Ehipto.

Ang mga tao ay sumunod sa mga espiyang hindi naniniwal sa Diyos. Umiyak sila at hamanda upang babalik sa Ehipto. Sinikap nila na patayin si Moises.



Niligtas ng Panginoon ang buhay ni Moises. Sinabi niya sa mga tao, "Apat na pong taon kayo ay gumala sa ilang. Sina Kaleb, Josue, at ang inyong mga anak ay buhay at makapasok sa lupain na iyong sinuklaman."



Apat na Pong Taon

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Exodo 15 - Mga Numero 14

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16